

ALL RIGHTS RESERVED

This material is for education purposes only. No reproduction of this guide and its corresponding flip chart shall be used for commercial purposes. And no changes shall be made to any content of both the materials.

Proper citation should be observed when using parts of this guide or the flip chart. Any use of the illustrations must be accompanied by an acknowledgment of its creator, Mary Faye D.V. Matuguinas.

ACKNOWLEDGEMENT

Dr. Liduvina F. Dorion

Asst. Provincial Health Officer, Sorsogon Provincial Health Office

Dr. Enrique D. Espiritu

Provincial Veterinarian, Sorsogon Provincial Veterinary Office

Dr. Ederlinda E. Malonzo

Agricultural Center Chief I, Sorsogon Provincial Veterinary Office

Dr. Joseph Richard S. Garay

Schools Division Medical Officer, Department of Education - Sorsogon

BIBLIOGRAPHY

www.drSophiayin.com

www.doglistener.tv



Gabay ng Guro sa pag Gamit ng Flip Chart



Mga larawan ni Mary Faye D.V. Matuguinas

Ang flip chart na ito ay ginawa para sa mga mag-aaral ng Grade 1 hanggang Grade 10.

Hindi lahat ng bahagi ng flip chart ay akmang ituro sa lahat ng baitang. Nakasaad sa baba kung aling mga pahina at paksa ang mahalagang maituro sa iba't-ibang baitang.

Grade	Topic	Flip chart Parts & Pages
Grade 1 — 3	Paano maiiwasang magka-rabies ang alagang hayop? Paano maiiwasang makagat ng hayop? Ano ang dapat gawin kapag nakagat ng hayop?	Part 2, Page 1-2 Part 2, Pages 4-7 Part 1, Page 6-7
Grade 4 — 6	Ano ang Rabies? Paano nakukuha ang rabies? Ano ang senyales ng rabies? Ano ang dapat gawin kapag nakagat ng hayop? Paano maiiwasang magka rabies ang alagang hayop? May batas ba tungkol sa pag-aalaga ng hayop? Paano maiiwasang makagat ng aso?	Part 1, Page 1 Part 1, Page 2-3 Part 1, Page 4-5 Part 1, Page 6-7 Part 2, Page 1-2 Part 2, Page 3 Part 2, Page 4-7
Grades 7 - 10	Ano ang Rabies? Paano nakukuha ang rabies? Ano ang senyales ng rabies? Ano ang dapat gawin kapag nakagat ng hayop? Ano ang dapat gawin sa nakakagat na hayop? Paano maiiwasang magka rabies ang alagang hayop? May batas ba tungkol sa pag-aalaga ng hayop?	Part 1, Page 1 Part 1, Page 2-3 Part 1, Page 4-5 Part 1, Page 6-7 Part 1, Page 8-9 Part 2, Page 1-2 Part 2, Page 3

Talakayin ang mga multa

(1) P2,000.00

sa hindi o sa tumangging magparehistro at magpabakuna ng alagang aso

(2) Pagsagot sa pagpapabakuna ng aso at taong kinagat ng inyong aso

sa may-aring tumangging pabakunahan ang kanyang aso laban sa rabies

(3) P10,000.00

sa pagtanggig paobserbahan ang alagang asong nakakagat

(4) P25,000.00

sa pagtanggig paobserbahan ang alagang asong nakakagat at pagsagot sa pagpapagamot ng taong kinagat ng aso

(5) P500.00

sa pagtanggig talian ang alagang aso habang nasa pampublikong lugar

Banggitin din na ayon sa IMPLEMENTING RULES AND REGULATIONS (IRR) ng RA 9482, isa sa mga tungkulin ng tagapag-alaga ng hayop ay linisin at itapon ng maayos ang dumi ng aso.

Bigyang diin na dapat maging responsableng tagapag-alaga ng hayop at maging handa sa mga pananagutan ng pagkakaroon ng alaga.

Banggitin na may iba pang batas na kaugnay sa mga hayop tulad ng ANIMAL WELFARE ACT o RA 10631 na nagsasaad ng tamang pag-aalaga at pagtrato ng mga hayop.

VII. MAY BATAS BA TUNGKOL SA PAG-AALAGA NG HAYOP?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Ikalawang Bahagi ng flip chart, pahina 3.

Anti - Rabies Act of 2007 (Republic Act 9482)

Ayon sa batas (R.A. 9482) kailangan ninyong:

- iparehistro at pabakunahan laban sa rabies ang inyong alagang aso
- paobserbahan ang inyong alagang aso kapag ito ay may nakagat na ibang aso o tao
- sagutin ang gastusin sa pagpapagamot ng nakagat ng inyong aso
- lagyan ng tali ang alagang aso kapag papagalain ito sa labas

Ang hindi sumunod sa mga probisyong ito ay maaring MAGBAYAD ng MULTA na P 500 hanggang P 25,000.

Teachers ng Grades 1 — 3

Sa mga batang may edad siyam pababa, ang pinakamahalagang matutunan nila ay ang tamang pakikipaghalubilo sa mga aso at ang kahalagahan ng pagsasabi sa mga nakatatanda na kinagat sila ng hayop. Sa kanilang murang edad, pinag-iingatang hindi sila maturuan na matakot o magalit sa aso. Bagkus, sila ay kailangang turuan kung paano maging responsableng tagapag-alaga ng hayop.

I. PAANO MAIIWASANG MAGKA RABIES ANG ALAGANG HAYOP?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Ikalawang Bahagi ng flip chart, pahina 1 - 2.

Kahit masyado pang sensitibo at komplikado ipaliwanag kung ano ang rabies sa mga bata sa Grade 1 - 3, maaari nang ituro sakanila kung paano maging responsableng tagapag-alaga ng hayop. Habang bata pa, magandang maituro na ang pinakaepektibong paraan upang maiwasang magka sakit ang alagang hayop at hindi ito makaabala o makapinsala ng ibang tao o hayop. Kabilang dito ang pagpapabakuna ng alaga laban sa rabies taun- taon, ang pagpapakain dito, pagbibigay ditong kumportableng tirahan at pagtatali dito tuwing ilalabas sa pampublikong lugar. Kelangan lamang ipaliwanag ang importansya ng mga ito sa mga bata upang sundan nila ang mga sumusunod:



- **Ano ang bakuna?**

Ang bakuna ay nagbibigay proteksyon mula sa sakit sa pamamagitan ng pagpapalakas ng resistensya ng katawan.

- **Bigyang diin na kailangan pabakunahan kada taon laban sa rabies ang alaga at hindi lamang isang beses.**

Habang bata pa, magandang maituro na ang pinakaepektibong paraan upang maiwasang magka rabies ang alagang hayop ay maging responsableng tagapag-alaga ng hayop. Kelangan lamang ipaliwanag ang importansya ng mga ito sa mga bata upang sundan nila ang mga nabanggit na paraan upang sundan nila ito.

Bakit kailangan kada taon pabakunahan laban sa rabies ang alaga at hindi lamang isang beses?

Sa mga bansang laganap pa ang rabies virus tulad ng Pilipinas, kinakailangan bakunahan kada taon ang alagang hayop upang matiyak na sapat ang anti-bodies nito laban sa rabies virus.

Paano napipigilan ng pagpapakain ng maayos at pagbibigay ng kumportableng tirahan ang rabies?

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na pagkain at kumportableng tirahan sa alagang hayop, hindi na ito gagala upang maghanap ng pagkain o ibang tirahan. At kung hindi na ito maghahanap ng pagkain o ibang tirahan, mababawasan ang pagkakataon na mahahawaan ito ng rabies ng ibang hayop.

Bigyang diin na dapat ituring ang alagang aso bilang bahagi ng pamilya.

ito lamang ang paraan upang matiyak kung may rabies nga ang aso. Para magawa ito, kailangan i-sumite ang utak ng aso sa PVO. Maaaring humingi ng tulong sa MAO o CVO para hulihin at obserbahan ang aso. Maaari ring humingi ng tulong sa kanila kung paano dadalhin ang ulo ng aso sa PVO kung ito ay namatay.

Saan ang pinakamalapit na beterinaryo dito?

Ano ang gagawin sa aso kung hindi ito namatay pagkatapos ng 14 na araw?

Kung hindi namatay ang aso sa loob ng 14 na araw at muka itong malusog, ibig sabihin wala itong sakit na rabies. Maaari na ulit hayaang mabuhay ng normal ang aso ngunit tiyakin na hindi ito gagala o mangangagat ng ibang aso o tao. Tiyakin rin na nababakunahan ito laban sa rabies kada taon.

VI. PAANO MAIIWASANG MAGKA RABIES ANG ALAGANG HAYOP?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa ika - pahina ng Ikalawang Bahagi ng flip chart.



1. Pabakunahan laban sa rabies ang alagang aso simula 3 buwan ang edad. Ulitin ito kada taon.



2. Bigyan ng masustansyang pagkain at malinis na inumin.



3. Siguraduhing malinis at kumportable ang tirahan ng alaga.



4. Huwag hayaang gumala sa labas ng bahay ang inyong alaga. Lagyan ito ng tali kapag ilalabas.



• Paano napipigilan ng pagpapakain ng maayos at pagbibigay ng kumportableng tirahan ang rabies?

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na pagkain at kumportableng tirahan sa alagang hayop, hindi na ito gagala upang maghanap ng pagkain o ibang tirahan. At kung hindi na ito maghahanap ng pagkain o ibang tirahan, mababawasan ang pagkakataon na mahahawaan ito ng rabies ng ibang hayop.

• Bakit hindi dapat hinahayaang gumala ang alagang aso? Bakit kailangan nakatali kapag ilalabas ang aso?



Sa pamamagitan ng pagpigil sa asong gumala at sa pagtali nito tuwing ilalabas, pinoprotektahan mo ang iyong aso at ang ibang tao.

Naprotektahan mo ang iyong aso mula sa iba't-ibang hayop na maaaring manghawa dito ng rabies. Nahahadlangan mo rin ang pagkakataong may makagat ang iyong alagang aso.

Sa murang edad kelangan din ipaintindi sa mga bata na ang mga aso ay dapat ituring bilang bahagi ng pamilya at hindi lamang taga bantay ng bahay.

II. PAANO MAIIWASANG MAKAGAT NG ASO?


Ang paksang ito ay tinatalakay sa Ikalawang Bahagi ng flip chart, pahina 4-7.

Ang mainam na gawin upang hindi makagat ng aso ay unawain ang iniisip at nararamdaman ng mga aso. Kadalasan, nangangagat lamang sila dahil sila ay ginalit o tinakot. Ang mga sumusunod ay ang mga uri ng aso na hindi dapat lapitan at ang mga hindi dapat gawin sa mga aso:



Natutulog

Kapag ginambala ang asong natutulog, maaari itong mangagat kapag nagulat. Ang ibang aso naman ay “territorial” kaya nagagalit sila o nagiging agresibo kapag mayroong gustong lumapit sa kanilang lugar.



Kumakain

Nagiging agresibo ang aso kapag kumakain sapagkat natatakot itong maagawan ng pagkain.

kakayahan ang katawan niyang labanan ang rabies virus kung sakaling may rabies ang aso.

Bakit kailangan sumangguni sa Municipal Agricultural Office (MAO), City Veterinary Office (CVO) upang hulihin ang hayop?

Mas mainam na sumangguni sa autoridad para ligtas ang iyong pamilya mula sa panganib na makagat at mahawaan ng rabies. Ang mga autoridad na ito ay mas maaalam sa pag huli ng aso at maaari silang magbigay ng payo kung paano aalagaan ang “suspected rabid dog”.

Ang suspected rabid dog ay asong hindi pa napapatunayan na may rabies. Tanging laboratory tests lamang ang makakapagpatunay kung ang aso nga ay may rabies.

Anong senyales ang kelangan obserbahan habang nakakulong o tali ang aso?

Obserbahan kung may pagbabago sa ugali ng hayop (kung ito ay nagiging agresibo o matamlay; kung matindi ang paglalaway nito kung kinakagat nito ang anu-anong bagay tulad ng kulungan niya, bato, kahoy, atbp.; at kung takot o sensitibo ito sa liwanag

Paano alagaan ang suspected rabid dog?

Kailangan ng matinding pag-iingat kapag inoobserbahan niyo kung may rabies ang aso. Kailangang maging maingat sa pagpapakain dito at pagbibigay dito ng inumin. Kumunsulta sa pinakamalapit na beterinaryo o Municipal Agricultural Office (MAO), City Veterinary Office (CVO) o Provincial Veterinary Office (PVO) .

Bakit kelangan sumangguni sa Municipal Agricultural Office (MAO), City Veterinary Office (CVO) o Provincial Veterinary Office (PVO) kapag namatay o nagkasakit ang aso?

Kailangan gawan ng laboratory tests ang utak ng aso sapagkat

Ang post-exposure prophylaxis ay [set] ng mga bakuna na magbibigay ng proteksyon laban sa rabies virus.

V. ANO ANG DAPAT GAWIN SA NAKAKAGAT NA HAYOP?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Unang Bahagi ng flip chart, pahina 8-9.

1. Huwag patayin ang hayop!
Sumangguni sa Municipal
Agriculture Office o City Veterinary
Office upang hulihin ito.




2. Itali o ikulong ang hayop at
obserbahan sa loob ng 14 na araw.
Tignan kung magbago ang ugali nito o
kung mukha itong may sakit.



3. Kapag namatay ang
hayop sa loob ng 14 na araw,
sumangguni sa beterinaryo.

Bakit hindi dapat patayin agad ang hayop na nakakagat?

Hindi dapat agad patayin ang hayop para maobserbahan kung magpapakita itong senyales na may rabies ito. Ito ang magiging batayan kung kakailanganin ng isang tao kumpletuhin ang post-exposure prophylaxis (PEP). Kung patayin agad ang hayop, kailangan ng kinagat kumpletuhin ang PEP upang matiyak na may



Bagong panganak at nagpapasuso

Madaling isipin na ligtas humawak ng mga tuta sapagkat wala pa itong masyadong kayang gawin. Ngunit ang nanay na aso ay nagiging agresibo kapag may gustong lumapit sa mga anak nito upang protektahan ang mga ito. Kaya mas mainam na lumayo na lamang sa mga bagong panganak na tuta at sa nagpapasuso na aso.

Takot

Kailangan rin mag-ingat sa asong takot. Kung isipin nito na ito ay nasa matinding panganib, mapipilitan itong labanan ang kinakaharap nito. Meron ring mga asong takot na lulusob kapag ikaw ay nakatalikod na kaya mas mainam rin na iwasan ang mga ito.

Galit

Mas agresibo ang asong galit kaya dapat lang na iwasan ito sapagkat handang mangagat ang asong galit.



'di kilala

Tulad ng taong 'di kakilala, dapat iwasan lumapit sa asong 'di kilala sapagkat hindi natin alam kung maaari itong manakit. Posible ring hindi ito nabakunahan laban sa rabies kaya mas mainam na iwasan ito.

Bigyang diin na kailangan magpaalam sa may-ari ng aso bago ito hawakan o lapitan upang malaman kung ligtas na hawakan ang aso. Dahan-dahan at magaan muna ang pag-hawak sa aso upang hindi ito magulat.

Bigyang diin rin na kung ano ang mararamdaman ng tao kapag siya ay ginugulo habang natutulog o kumakain ay siya ring mararamdaman ng aso.



Tumakbo kung may malapit na aso

Ang aso ay [*na-e-excite*] sa tuwing nakakakita ito ng mabibilis na gumagalaw na bagay. Kapag makakita ito ng batang tumatakbo, nanaisin nitong habulin ang bata at maaari itong mangalmot o mangagat kung gusto nitong hulihin ang bata.



Saan ang pinakamalapit na animal bite treatment center (ABTC)?

- Dr. Fernando Duran Memorial Hospital
- Irosin District Hospital
- Donsol District Hospital
- Gubat Emergency Hospital
- Sorsogon City Health Office
- Vicente Peralta Memorial Hospital

Bakit hindi dapat kumunsulta sa albularyo o magpatandok?

Ang karaniwang ginagawa ng magtatandok o albularyo ay paduguin ang sugat at sipsipin ito sa paniniwalang masisipsip niya ang rabies. Bukod sa maaari itong magdulot ng impeksiyon, wala itong bisa sapagkat hindi sa dugo dumadaan ang virus. Higit sa lahat, mapanganib rin ito sa magtatandok dahil maaari siyang mahawaan ng rabies kapag malapatan siya ng laway ng asong may rabies. Mas mainam na lumapit sa doctor o nurse sa animal bite treatment center sapagkat pinag-aralan at pinagsanayan nila ang pinakaligtas at napatunayang epektibong paraan upang pigilan ang rabies virus sa pagkalat sa katawan at mag sanhi ng sakit.

Bakit hindi pwede ang tradisyonal na gamot tulad ng bawang?

Bagamat maaaring makatulong sa pagpatay ng bacteria ang mga tradisyonal na gamot, ang rabies ay sanhi ng virus kaya hindi makakatulong ang bawang o dagta ng papaya. Kailangan din mag-ingat sa pag gamit nito sa pag gamot ng ibang sugat sapagkat posible nitong mairita ang balat at lumubha pa ang sugat.

Ano ang gagawin sa pasyente sa Animal Bite Treatment Center?

Titignan ng nurse o doktor kung gaano kalubha ang kagat at kung nasaang bahagi ito ng katawan. Ito ang basehan upang malaman kung anong nararapat na post-exposure prophylaxis (PEP) ang kailangan ng pasyente.

IV. ANO ANG DAPAT GAWIN KAPAG NAKAGAT NG HAYOP?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Unang Bahagi ng flip chart, pahina 6-7.

Napakaimportanteng mag hugas agad ng sugat ng 15 minuto, lagyan ng antiseptic at magpadala sa Animal Bite Treatment Center upang magbigyan ng karampatang atensyon.




Bakit mahalaga na dumadaloy ang ginagamit na tubig pang hugas ng sugat?

Tandaan na sa laway naililipat ang rabies virus. Kapag hindi dumadaloy ang ginagamit na tubig, mananatili lang ang laway ng aso sa timba o batya na pinaghuhugasan. Kung may rabies ang hayop na nakakakagat sa tao, mananatili rin ang rabies virus na nasa laway ng aso.



Bakit kailangan 15 minuto hugasan ang sugat?

Kailangan hugasan ng matagal at maigi ang sugat upang matiyak na natanggal ang laway ng aso.



Makipagtitigan sa aso

Para sa mga aso, ang pakikipagtitigan ay isang uri ng paghahamon. Kapag tinitigan ng isang bata ang isang aso, maaaring isipin ng asong hinahamon siya nito at sugurin niya ang bata.



Hilahin ang tenga o buntot ng aso, sakyan ang aso, kulitin ang aso

Pangangagat ang unang depensa ng aso upang pigilian ang pananakit o pang gagambala sa kanila. Kaya kapag saktan o gambalain ang aso, maaari itong mangagat upang tumigil ang nananakit o nanggagambala sa kanya.



Yakapin ang aso

Hindi lahat ng aso ay gustong yinayakap ito. Para sa mga aso, ang paghawak sa balikat ng ibang aso ay pagpapakita na siya ay nangingibabaw o dominante sa ibang aso. Kapag yinakap natin ang aso, maaari nitong isipin na pinapaalam nating mas malakas at dominante tayo, o kaya nama'y masikipan siya sa yakap natin. Dahil dito, posibleng mangagat ang aso. Ang delikado pa dito ay sa leeg, mukha o iba pang bahagi ng ulo ang maaaring makagat ng aso.

Bigyang diin na kung ano ang mga hindi dapat gawin sa tao (hal. saktan, inisin, agawan ng pagkain) dahil ikakagalit nila ito, ay hindi rin dapat gawin sa aso sapagkat magagalit ito. Ngunit, meron ring mga normal na ginagawa natin sa kapwa tao na hindi dapat gawin sa aso (hal. Makipagtitigan, yakapin, tumakbo malapit dito).

Bigyang diin rin na hindi dapat katakutan ang aso o magalit dito. Maaari namang maging tapat na magkaibigan ang tao at aso kung maunawaan natin kung paano makihalubilo sa aso.

III. ANO ANG DAPAT GAWIN KAPAG NAKAGAT NG HAYOP?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Unang Bahagi ng flip chart, pahina 6-7.

Napakaimportanteng mag hugas agad ng sugat ng 15 minuto, lagyan ng antiseptic at magpadala sa Animal Bite Treatment Center upang magbigyan ng karampatang atensyon.

Bakit mahalaga na dumadaloy ang ginagamit na tubig pang hugas ng sugat?

Tandaan na sa laway naililipat ang rabies virus. Kapag hindi dumadaloy ang ginagamit na tubig, mananatili lang ang laway ng aso sa timba o batya na pinaghuhugasan. Kung may rabies ang hayop na nakakakagat sa tao, mananatili rin ang rabies virus na nasa laway ng aso.

Bakit kailangan 15 minuto hugasan ang sugat?

Kailangan hugasan ng matagal at maigi ang sugat upang matiyak na natanggal ang laway ng aso.

III. ANO ANG SENYALES NG RABIES?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Unang Bahagi ng flip chart, pahina 4-5.

Ipalawanag na kaya natatakot sa hangin, tubig at liwanag ang pasyente ay dahil sa pag atake ng virus sa utak. Ito ang nagsasanhi ng pagiging sensitibo sa iba-ibang bagay ng may sakit na rabies.



Bigyang diin na maraming parehas na senyales ng rabies sa mga hayop at tao.

Bigyang diin rin na hindi parating agresibo ang tao o hayop na may rabies kaya hindi maaring ito lang ang pag basehan kung may rabies ang tao o hayop.

Bukod sa kagat, ano pa ang ibang paraan na maaaring mahawaan ng hayop ang tao ng rabies?

Sa simpleng pagdila ng hayop, pagtalsik ng laway ng hayop o paghawak sa bagay na nalawayan ng hayop, maaring mahawaan ang tao ng hayop kung papasok ang laway sa sugat o iba't ibang mucus membrane ng tao.

Kung ang balat ay takip at proteksyon ng katawan sa labas, ang mucus membrane naman ay takip at proteksyon ng katawan sa loob. Ang mga mucus membrane ay matatagpuan sa loob ng mata, ilong, bibig at reproductive organs

Ano ang salivary gland?

Bahagi ng katawan na gumagawa at naglalabas ng saliva o laway. Ang saliva o laway naman ay likido na tumutulong sa pagpapalambot ng pagkain sa bibig at sa pag-digest o pagtunaw ng pagkain sa tiyan

Bigyang diin na sa central nervous system lamang dumadaan ang virus at hindi sa dugo o circulatory system.


Bigyang diin na ang pinakamahalagang kelangan gawin kapag nakagat o nakalmot ng hayop ay magsabi sa mga magulang o ibang nakatatanda upang madala sa pinakamalapit na Animal Bite Treatment Center.

For teachers of Grades 4—6

Sa edad na ito, kailangan nang bigyan ng sapat na kaalaman kung paano nakukuha ang sakit na rabies at paano ito maaagapan. Kailangan rin ipaintindi na hindi tulad ng ibang sakit, wala itong lunas. Kailangan na rin ipaalam sa mga bata na may kaakibat na responsibilidad sa bayan ang pagiging tagapag-alaga ng hayop.

II. PAANO NAKUKUHA ANG RABIES?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Unang Bahagi ng flip chart, pahina 2-3.



Base sa larawan tukuyin ang pathogen, host at mode of transmission.


Ang pathogen o ang nagsasanhi ng sakit ay ang rabies virus.
Ang host o ang tao o hayop na tinitirahan ng rabies virus ay yung 1) aso at yung 2) batang lalake.

Ang mode of transmission, o ang paraan kung paano napapasa ang rabies virus, ay ang pagpasok ng rabies virus na nasa laway ng asong may rabies sa katawan ng bata sa pamamagitan ng pagkagat ng aso.

I. ANO ANG RABIES?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Unang Bahagi ng flip chart, pahina 1.

- Nakamamatay na sakit sanhi ng **rabies virus**.
- Naaapektuhan nito ang utak at wala itong lunas.
- Naisasalin ito sa iba sa pamamagitan ng laway galing sa may rabies na hayop o tao.
- Ito ay sakit na puwedeng makuha ng *mammals* tulad ng aso, pusa, unggoy at tao.



Ano ang virus?

Ang virus ay isang klase ng mikrobyo na nakikitira sa katawan ng tao o hayop at madalas magdulot ng sakit.

Bigyan diin na iba ang virus sa bacteria. Ang mga sakit o karamdaman na dulot ng bacteria ay maaaring magamot ng antibiotics ngunit ang sakit na sanhi ng virus ay magagamot n, antivirals. Subalit, walang gamot o lunas ang rabies kaya ito ay isa sa mga pinaka nakamamatay na sakit sa mundo.

I. ANO ANG RABIES?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Unang Bahagi ng flip chart, pahina 1.

Importanteng malaman ng mga bata kung ano ang rabies at kung ano ang nagsasanhi nito upang maunawaan nila ang basehan ng mga gawain upang sugpuin ang rabies. Kailangan rin maituro sa mga bata kung anong uri ng mga hayop ang maaaring magkaroon ng rabies upang malaman nilang posible silang magkasakit na rabies kapag makagat o madilaan sila nito.

Ang rabies ay nakamamatay na sakit sanhi ng rabies virus. Naaapektuhan nito ang utak at wala itong lunas. Naisasalin ito sa iba sa pamamagitan ng laway galing sa may rabies na hayop o tao. Ito ay sakit na puwedeng makuha ng mammals.

Ano ang virus?

Ang virus ay isang klase ng mikrobyo na nakikitira sa katawan ng tao o hayop at madalas magdulot ng sakit.

Ang mikrobyo ay isang organismo na sobrang liit na 'di kayang makita ng mata na walang tulong ng mga instrumento.

Ano ang ibig sabihin kapag walang lunas ang isang sakit?

Ang sakit na walang lunas ay hindi magagamot sa kahit anong paraan at maaaring humantong sa kamatayan.

Ano ang mammal?

Ang mammal ay uri ng hayop na nanganganak at nagpapasuso. Bukod sa tao, aso't pusa, ang iba pang halimbawa ng mga mammal ay unggoy, baboy, at kambing.

Ano ang ibang hayop na puwedeng magkaroon ng rabies?

Sa Pilipinas, ang mga mammal na natalang nagkaroon na ng rabies ay mga aso, pusa, baboy, kalabaw, at kambing. Kailangan lang ipaliwanag na bagamat maaaring magka rabies ang mga mammal, hindi lahat ng mammal ay may rabies. Hindi rin likas na pinapanganak na may rabies ang hayop, maaari lamang magka rabies ang isang hayop kung nahawaan siya ng ibang hayop.

Ano ang mga hayop na hindi magkakaroon ng rabies?

Ang mga hayop na hindi magkakaroon ng rabies ay mga ibon, mga isda, mga insekto, mga reptile tulad ng pagong at mga ahas, at mga amphibian tulad ng mga palaka at butiki

II. PAANO NAKUKUHA ANG RABIES?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Unang Bahagi ng flip chart, pahina 2-3.

1. Papasok ang virus sa katawan sa pamamagitan ng laway ng hayop na may rabies.



2. Bahagyang magpaparami ang virus sa lugar ng kagat at aakyat ito sa utak.



3. Magpaparami ang virus sa utak at kakalat sa ibang bahagi ng katawan gaya ng salivary glands. Magpapakita na ng sintomas ng rabies ang nahawaan matapos ang 1 – 3 buwan.

4. Mapapalarisa ang katawan at tuluyang mamamatay ang biktima sa loob ng mahigit kumulang isang linggo.

For teachers of Grades 7—10

Sa mga estudyante, itong grupo na ito ang may pinakakakayahan na sugpuin ang rabies sa kanilang tahanan. Kailangan ipaintindi ng maayos sa kanila ang teknikal na basehan sa mga akmang hakbang sa pagpigil ng rabies. Kailangan rin ipaintindi sakanila ang kaakibat na responsibilidad nila sa ibang mamamayan kung sila ay may alagang aso.

Bigyang diin na kung ano ang mga hindi dapat gawin sa tao (hal. saktan, inisin, agawan ng pagkain) dahil ikakagalit nila ito, ay hindi rin dapat gawin sa aso sapagkat magagalit ito. Ngunit, meron ring mga normal na ginagawa natin sa kapwa tao na hindi dapat gawin sa aso (hal. Makipagtitigan, yakapin, tumakbo malapit dito).

Bigyang diin rin na hindi dapat katakutan ang aso o magalit dito. Maaari namang maging tapat na magkaibigan ang tao at aso kung maunawaan natin kung paano makihalubilo sa aso.

Ano ang salivary gland?

Bahagi ng katawan na gumagawa at naglalabas ng saliva o laway. Ang saliva o laway naman ay likido na tumutulong sa pagpapalambot ng pagkain sa bibig at sa pag-digest o pagtunaw ng pagkain sa tiyan

Ano ang mapaparalisa?

Ang pagkaparalisa o paralyze sa Ingles ay ang pagkawala ng kakayahang kontrolin ang mga muscle o kalamnan. Ibig sabihin, hindi na maigagalaw ang bahagi ng katawan na naparalisa.

Base sa larawan tukuyin ang pathogen, host at mode of transmission.

Ang pathogen o ang nagsasanhi ng sakit ay ang rabies virus. Ang host o ang tao o hayop na tinitirahan ng rabies virus ay yung 1) aso at yung 2) batang lalake. Ang mode of transmission, o ang paraan kung paano napapasa ang rabies virus, ay ang pagpasok ng rabies virus na nasa laway ng asong may rabies sa katawan ng bata sa pamamagitan ng pagkagat ng aso.

Bukod sa kagat, ano pa ang ibang paraan na maaaring mahawaan ng hayop ang tao ng rabies?

Sa simpleng pag dila ng hayop o pagtalsik ng laway ng hayop o paghawak sa bagay na nalawayan ng hayop, maaring malapatan ng laway ng hayop ang tao.

Kapag nalapatan ng laway ng hayop, kailangang hugasang mabuti ang balat at mag-ingat na hindi pumasok ang laway ng aso sa sugat, mata, ilong at bibig.

Bigyang diin na hindi lahat ng aso ay may rabies.


III. ANO ANG SENYALES NG RABIES?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Unang Bahagi ng flip chart, pahina 4-5.

Ipaliwanag na kaya natatakot sa hangin, tubig at liwanag ang pasyente ay dahil sa pag atake ng virus sa utak. Ito ang nagsasanhi ng pagiging sensitibo sa iba-ibang bagay ng may sakit na rabies.



Bigyang diin na maraming parehas na senyales ng rabies sa mga hayop at tao.



Makipagtitigan sa aso

Para sa mga aso, ang pakikipagtitigan ay isang uri ng paghahamon. Kapag tinitigan ng isang bata ang isang aso, maaaring isipin ng asong hinahamon siya nito at sugurin niya ang bata.



Hilahin ang tenga o buntot ng aso, sakyan ang aso, kulitin ang aso

Pangangagat ang unang depensa ng aso upang pigilian ang pananakit o pang gagambala sa kanila. Kaya kapag saktan o gambalain ang aso, maaari itong mangagat upang tumigil ang nananakit o nanggagambala sa kanya.



Yakapin ang aso

Hindi lahat ng aso ay gustong yinayakap ito. Para sa mga aso, ang paghawak sa balikat ng ibang aso ay pagpapakita na siya ay nangingibabaw o dominante sa ibang aso. Kapag yinakap natin ang aso, maaari nitong isipin na pinapaalam nating mas malakas at dominante tayo, o kaya nama'y masikipan siya sa yakap natin. Dahil dito, posibleng mangagat ang aso. Ang delikado pa dito ay sa leeg, mukha o iba pang bahagi ng ulo ang maaaring makagat ng aso.



'di kilala

Tulad ng taong 'di kakilala, dapat iwasan lumapit sa asong 'di kilala sapagkat hindi natin alam kung maaari itong manakit. Posible ring hindi ito nabakunahan laban sa rabies kaya mas mainam na iwasan ito.

Bigyang diin na kailangan magpaalam sa may-ari ng aso bago ito hawakan o lapitan upang malaman kung ligtas na hawakan ang aso. Dahan-dahan at magaan muna ang pag-hawak sa aso upang hindi ito magulat.

Bigyang diin rin na kung ano ang mararamdaman ng tao kapag siya ay ginugulo habang natutulog o kumakain ay siya ring mararamdaman ng aso.



Tumakbo kung may malapit na aso

Ang aso ay [na-e-excite] sa tuwing nakakakita ito ng mabibilis na gumagalaw na bagay. Kapag makakita ito ng batang tumatakbo, nanaisin nitong habulin ang bata at maaari itong mangalmot o mangagat kung gusto nitong hulihin ang bata.

Bigyang diin rin na hindi parating agresibo ang tao o hayop na may rabies kaya hindi maaring ito lang ang pag basehan kung may rabies ang tao o hayop.

IV. ANO ANG DAPAT GAWIN KAPAG NAKAGAT NG HAYOP?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa ika - pahina ng Unang Bahag ng flip chart.

Napakaimportanteng mag hugas agad ng sugat ng 15 minuto, lagyan ng antiseptic at magpadala sa Animal Bite Treatment Center upang magbigyan ng karampatang atensyon.



Bakit mahalaga na dumadaloy ang ginagamit na tubig pang hugas ng sugat?

Tandaan na sa laway naililipat ang rabies virus. Kapag hindi dumadaloy ang ginagamit na tubig, mananatili lang ang laway ng aso sa timba o batya na pinaghuhugasan. Kung may rabies ang hayop na nakakakagat sa tao, mananatili rin ang rabies virus na nasa laway ng aso.



Bakit kailangan 15 minuto hugasan ang sugat?

Kailangan hugasan ng matagal at maigi ang sugat upang matiyak na natanggal ang laway ng aso.



Saan ang pinakamalapit na animal bite treatment center (ABTC)?


- Dr. Fernando Duran Memorial Hospital
- Irosin District Hospital
- Donsol District Hospital
- Gubat Emergency Hospital
- Sorsogon City Health Office
- Vicente Peralta Memorial Hospital

Bakit hindi dapat kumunsulta sa albularyo o magpatandok?

Ang karaniwang ginagawa ng magtatandok o albularyo ay paduguin ang sugat at sipsipin ito sa paniniwalang masisipsip niya ang rabies. Bukod sa maaari itong magdulot ng impeksiyon, wala itong bisa sapagkat hindi sa dugo dumadaan ang virus. Higit sa lahat, mapanganib rin ito sa magtatandok dahil maaari siyang mahawaan ng rabies kapag malapatan siya ng laway ng asong may rabies. Mas mainam na lumapit sa doctor o nurse sa animal bite treatment center sapagkat pinag-aralan at pinagsanayan nila ang pinakaligtas at napatunayang epektibong paraan upang pigilan ang rabies virus sa pagkalat sa katawan at mag sanhi ng sakit.

Bakit hindi pwede ang tradisyonal na gamot tulad ng bawang?

Bagamat maaaring makatulong sa pagpatay ng bacteria ang mga tradisyonal na gamot, ang rabies ay sanhi ng virus kaya hindi makakatulong ang bawang o dagta ng papaya. Kailangan din mag-ingat sa pag gamit nito sa pag gamot ng ibang sugat sapagkat posible nitong mairita ang balat at lumubha pa ang sugat.



Bagong panganak at nagpapasuso

Madaling isipin na ligtas humawak ng mga tuta sapagkat wala pa itong masyadong kayang gawin. Ngunit ang nanay na aso ay nagiging agresibo kapag may gustong lumapit sa mga anak nito upang protektahan ang mga ito. Kaya mas mainam na lumayo na lamang sa mga bagong panganak na tuta at sa nagpapasuso na aso.

Takot

Kailangan rin mag-ingat sa asong takot. Kung isipin nito na ito ay nasa matinding panganib, mapipilitan itong labanan ang kinakaharap nito. Meron ring mga asong takot na lulusob kapag ikaw ay nakatalikod na kaya mas mainam rin na iwasan ang mga ito.

Galit

Mas agresibo ang asong galit kaya dapat lang na iwasan ito sapagkat handang mangagat ang asong galit.

VII. PAANO MAIIWASANG MAKAGAT NG ASO?


Ang paksang ito ay tinatalakay sa Ikalawang Bahagi ng flip chart, pahina 4-7.

Ang mainam na gawin upang hindi makagat ng aso ay unawain ang iniisip at nararamdaman ng mga aso. Kadalasan, nangangagat lamang sila dahil sila ay ginalit o tinakot. Ang mga sumusunod ay ang mga uri ng aso na hindi dapat lapitan at ang mga hindi dapat gawin sa mga aso:



Natutulog

Kapag ginambala ang asong natutulog, maaari itong mangagat kapag nagulat. Ang ibang aso naman ay “teritoryal” kaya nagagalit sila o nagiging agresibo kapag mayroong gustong lumapit sa kanilang lugar.



Kumakain

Nagiging agresibo ang aso kapag kumakain sapagkat natatakot itong maagawan ng pagkain.

V. PAANO MAIIWASANG MAGKA RABIES ANG ALAGANG HAYOP?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Ikalawang Bahagi ng flip chart, pahina 1-2.

Habang bata pa, magandang maituro na ang pinakaepektibong paraan upang maiwasang magka sakit ang alagang hayop at hindi ito makaabala o makapinsala ng ibang tao o hayop. Kabilang dito ang pagpapabakuna ng alaga laban sa rabies taun- taon, ang pagpapakain dito, pagbibigay ditong kumportableng tirahan at pagtatali dito tuwing ilalabas sa pampublikong lugar. Kailangan lamang ipaliwanag ang importansya ng mga ito sa mga bata upang sundan nila ang mga sumusunod:




Ano ang bakuna?

Ang bakuna ay nagbibigay proteksyon mula sa sakit sa pamamagitan ng pagpapalakas ng resistensya ng katawan.

Bakit kailangan kada taon pabakunahan laban sa rabies ang alaga at hindi lamang isang beses?

Sa mga bansang laganap pa ang rabies virus tulad ng Pilipinas, kinakailangan bakunahan kada taon ang alagang hayop upang matiyak na sapat ang anti-bodie nito laban sa rabies virus.



Paano napipigilan ng pagpapakain ng maayos at pagbibigay ng kumportableng tirahan ang rabies?



Sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na pagkain at kumportableng tirahan sa alagang hayop, hindi na ito gagala upang maghanap ng pagkain o ibang tirahan. At kung hindi na ito maghahanap ng pagkain o ibang tirahan, mababawasan ang pagkakataon na mahahawaan ito ng rabies ng ibang hayop.

• Bakit hindi dapat hinahayaang gumala ang alagang aso? Bakit kailangan nakatali kapag ilalabas ang aso?



Sa pamamagitan ng pagpigil sa asong gumala at sa pagtali nito tuwing ilalabas, pinoprotektahan mo ang iyong aso at ang ibang tao.

Naprotektahan mo ang iyong aso mula sa iba't-ibang hayop na maaaring manghawa dito ng rabies. Nahahadlangan mo rin ang pagkakataong may makagat ang iyong alagang aso.

Sa murang edad kailangan din ipaintindi sa mga bata na ang mga aso ay dapat ituring bilang bahagi ng pamilya at hindi lamang taga bantay ng bahay.

VI. MAY BATAS BA TUNGKOL SA PAG-AALAGA NG HAYOP?

Ang paksang ito ay tinatalakay sa Ikalawang Bahagi ng flip chart, pahina 3.

May **BATAS** ba tungkol sa pag-aalaga ng hayop?

**Anti - Rabies Act of 2007
(Republic Act 9482)**

Ayon sa batas (R.A. 9482) kailangan ninyong:

- iparehistro at pabakunahan laban sa rabies ang inyong alagang aso
- paobserbahan ang inyong alagang aso kapag ito ay may nakagat na ibang aso o tao
- sagutin ang gastusin sa pagpapagamot ng nakagat ng inyong aso
- lagyan ng tali ang alagang aso kapag papagalain ito sa labas

**Ang hindi sumunod sa mga probisyong ito ay maaring
MAGBAYAD ng MULTA na P 500
hanggang P 25,000.**

Bigyang diin na dapat maging responsableng tagapag-alaga ng hayop at maging handa sa mga pananagutan ng pagkakaroon ng alaga.